

Kung ikaw ay isang binabayaranang manggagawa ng pangangalaga sa NYC, mayroon ka nang nakalaang mapagkukunan ng impormasyon sa Lungsod para sa mga katanungan at reklamo sa lugar ng trabaho: ang Sangay ng Binabayaranang Pangangalaga (Paid Care Division) sa loob ng Tanggapan ng Patakaran at Pamantayan ng Paggawa (Office of Labor Policy & Standards) ng Kagawaran ng Ugnayang Mamimili (Department of Consumer Affairs, DCA).

Kabilang sa mga binabayaranang manggagawa ng pangangalaga ang mga manggagawa ng pantahanang pangangalaga at manggagawa sa tahanan katulad ng mga kawaning pantahanan sa kalusugan, kawani ng personal na pangangalaga, tagapaglingkod sa tahanan, tagapag-alaga ng bata, tagapagbigay ng pangangalaga, at tagalinis ng bahay.

Nilikha ng DCA ang buod na ito upang tulungan kang malaman ang tungkol sa mahahalagang mga karapatan at mapagkukunan ng impormasyon.

Para sa karagdagang impormasyon, **tumawag sa 311** at magtanong tungkol sa “Paid Care” o bumisita sa nyc.gov/dca

Iyong mga Karapatan

Mayroon kang mga karapatan ano pa man ang iyong katayuan sa imigrasyon.

Pinakamababang Pasahod



Kung ikaw ay nagtatrabaho para sa isang pribadong sambahayan o indibidwal lamang o kung ang iyong employer ay mayroong 10 o mas kaunting empleyado, ang pinakamababang pasahod ay \$10.50 kada oras.

Kung ang iyong employer, kabilang ang ahensiya ng pantahanang pangangalaga, ay may 11 o higit pang empleyado, ang pinakamababang pasahod ay \$11.00 kada oras.

Maaaring magpasahod ang iyong employer ng higit pa sa inatasang pinakamababang pasahod.

Para sa karagdagang impormasyon o upang magsampa ng reklamo kaugnay sa pasahod, bumisita sa website ng Kagawaran ng Paggawa (Department of Labor) ng Estado ng New York sa labor.ny.gov o tumawag sa 1-888-4-NYSDOL (1-888-469-7365).

Ikaw ba ay isang manggagawang nagbibigay ng mga serbisyo ng pantahanang pangangalaga sa isang tumatanggap ng Medicaid? Kung gayon, maaaring saklaw ka ng Batas sa Pagkakapareho ng Pasahod (Wage Parity Law) ng Estado ng New York. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa 311 at magtanong tungkol sa “Paid Care.”



Bayad para sa mga Oras na Nagtrabaho

Dapat kang bayaran sa bawat oras na ikaw ay nagtrabaho, kabilang ang trabaho bago at/o pagkatapos ng iyong nakatakdang shift at oras na ginugol sa pagbiyahe sa mga araw ng trabaho. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa 311 at magtanong tungkol sa “Paid Care” o bumisita sa nyc.gov/dca

Overtime



Kung nagtrabaho ka nang higit sa 40 oras sa isang linggo, dapat magbayad ang iyong employer ng hindi bababa sa 1.5 beses ng iyong regular na bayad para sa mga oras na overtime.

Kung ikaw ay manggagawa sa tahanan na nakatira sa bahay ng iyong employer, dapat magbayad ang iyong employer para sa overtime pagkatapos ng 44 oras na nagtrabaho ka sa loob ng isang linggo.




Bayad na Pagliban dahil sa Sakit

Kung nagtrabaho ka sa NYC nang higit sa 80 oras sa isang taon, maaari kang makaipon ng hanggang 40 oras na pagliban dahil sa sakit

bawat taon upang pangalagaan ang iyong sarili, iyong anak o ibang mga miyembro ng pamilya. Kung ikaw ay isang manggagawa sa tahanan, pagkatapos ng isang taong pagtatrabaho, dapat magbigay ang iyong employer ng sambahayan ng dalawang araw na bayad na pagliban dahil sa sakit dagdag pa sa binabayaranang tatlong araw ng pahinga na iyong makuha sa ilalim ng Batas sa Paggawa (Labor Law) ng Estado ng New York. Illegal para sa isang employer na gumanti laban sa iyo sa paghiling o paggamit ng pagliban dahil sa sakit. Para sa karagdagang impormasyon o upang magsampa ng reklamo, bumisita sa nyc.gov/PaidSickLeave o tumawag sa 311.

Lugar ng Trabaho na Malaya sa Diskriminasyon



Napapailalim sa Batas sa mga Karapatang Pantao (Human Rights Law) ng NYC ang mga employer na may apat o higit pang empleyado. Saklaw nito ang ilang mga protektadong kaso, kabilang ang bansang pinagmulan, lahi, relihiyon/pananampalataya, kasarian, at kasariang pagkakakilanlan, at ipinagbabawal nito

ang diskriminasyon sa anumang mga pagpapasya na nakaaapekto sa mga tuntunin at kondisyon ng empleyo. Kung nakararanas ka o nakasaksi ng diskriminasyon, tumawag sa Infoline ng Komisyon ng mga Karapatang Pantao ng NYC (NYC Commission on Human Rights) sa 311.

Pinoprotektahan din ng Batas sa mga Karapatang Pantao ng Estado ng New York ang mga manggagawa sa tahanan mula sa sekswal na panliligalig at panliligalig batay sa lahi, relihiyon, o bansang pinagmulan, ano pa man ang laki ng employer. Makipag-ugnayan sa Sangay ng mga Karapatang Pantao (Division of Human Rights) sa 1-888-392-3644.

Proteksyon sa mga Naghahanap ng Trabaho



Nagbibigay ng lisensya ang DCA sa mga ahensiya ng empleyo na kailangang sumunod sa batas ukol sa mga bayarin at pagbabalik-bayad, kontrata at resibo, at iba pa. Kunin ang Tala ng mga Karapatan ng Naghahanap ng Trabaho (Job Hunter's Bill of Rights) sa nyc.gov/dca o tumawag sa 311 upang magsampa ng reklamo tungkol sa isang ahensiya ng empleyo.



Ligtas at Malusog na Lugar ng Trabaho

Ang iyong lugar ng trabaho ay dapat malaya mula sa mga tukoy na panganib sa kalusugan at kaligtasan. Mayroon ka ring karapatan na makatanggap ng impormasyon at pagsasanay tungkol sa mga panganib sa trabaho. Bumisita sa OSHA.gov o

tumawag sa 1-800-321-OSHA (1-800-321-6742) upang magsampa ng reklamo.

Maaaring karapat-dapat ka rin sa kabayaran upang bayaran ang ilang bahagi ng iyong sahod at medikal na paggamot kung makararanas ka ng pinsala sa trabaho, hindi alintana kung sino ang may kasalanan. Bumisita sa wcb.ny.gov o tumawag sa 1-877-632-4996 para sa karagdagang impormasyon.

Ang Sangay ng Binabayarang Pangangalaga ay nakatuon sa pagtatanggol ng mga karapatan ng mga binabayarang manggagawa ng pangangalaga, pagpapaunlad ng kalidad ng mga trabaho ng binabayarang pangangalaga, at pagpapalakas ng sistema ng binabayarang pangangalaga.

Sinusuportahan namin ang mga binabayarang manggagawa ng pangangalaga sa NYC sa pamamagitan ng:

- **Pag-aabot ng tulong at edukasyon sa publiko** upang ipaalam sa mga manggagawa ang tungkol sa kanilang mga karapatan at ang magagamit na mga mapagkukunan ng Lungsod.
- **Pagpapatupad at pagtanggap at pagsangguni ng mga reklamo** upang matugunan ang mga paglabag sa lugar ng trabaho sa mga panlokal, pang-estado, at pederal na lebel.
- **Pagpapaunlad ng pananaliksik at patakaran** sa demograpiko ng manggagawa, mga kondisyon ng pagtatrabaho at mga pamantayan ng industriya, pagsunod ng employer sa mga batas sa lugar ng trabaho, at pagka-epektibo ng mga kooperatibang manggagawa.



Pinoprotektahan at pinapahusay ng DCA ang pang-araw-araw na buhay pang-ekonomiya ng mga residente ng New York upang makalikha ng umuunlad na mga komunidad. Sa pamamagitan ng trabaho ng aming Tanggapan ng Patakaran at Pamantayan sa Paggawa, pinapalakas ng DCA ang mga pamilyang nagtatrabaho sa pamamagitan ng pagbigay ng mga kagamitan at mapagkukunan na kanilang kailangan upang makamit ang pinansyal na kalusugan at balanse sa trabaho at buhay.



Mga Mapagkukunan
ng Impormasyon

Tulong sa Imigrasyon

Nagbibigay ang ActionNYC ng ligtas at libreng mga legal na pagsusuri ng imigrasyon sa iyong komunidad, sa iyong sariling wika. Bumisita sa nyc.gov/actionnyc o tumawag sa 311 at sabihin ang "ActionNYC."

Mga Klase sa Ingles

Ang Programa sa Wikang Ingles ng Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Kabataan at Komunidad (Department of Youth and Community Development) ng NYC ay idinisenyo upang tulungan ang mga pinakabagong mga residente ng New York na matuto ng Ingles. Bumisita sa nyc.gov/dycd para sa karagdagang impormasyon.

Abot-Kayang Seguro sa Kalusugan

Ang Pangangasiwa ng Mapagkukunang Pantao (Human Resources Administration) ng NYC ay makatutulong sa iyo na maghanap ng segurong pangkalusugan at pangangailangan at budget. Tumawag sa 311, bumisita sa nyc.gov/health upang maghanap ng Sertipikadong Tagapayo ng Aplikasyon ng Kagawaran ng Kalusugan (Health Department Certified Application Counselor) para sa libreng personal na tulong, o bumisita sa website ng Kagawaran ng Kalusugan ng NY (NY State Department of Health) sa nystateofhealth.ny.gov.

Mga Benepisyong Pampubliko

Ang ACCESS NYC ay isang libreng serbisyo na nakatutulong sa iyo na malaman kung ikaw ay maaaring karapat-dapat para sa higit sa 30 programa ng benepisyo na panlungsod, pang-estado at pederal. Maaari kang mag-apply online para sa ilang mga programa sa pamamagitan ng ACCESS NYC. Bumisita sa nyc.gov/accessnyc o tumawag sa 311 para sa impormasyon tungkol sa ACCESS NYC.

Libreng Pinansyal na Pagpapayo

Ang Mga Sentro ng Pinansyal na Pagpapalakas ng NYC (NYC Financial Empowerment Centers) ay nag-aalok ng libreng isa-sa-isang propesyunal na pinansyal na pagpapayo. Ang serbisyonang ito ay kumpidensyal, at ang aming propesyunal na tagapayo ay nagsasalita ng maramihang wika. Tumawag sa 311 upang magpa-schedule ng appointment o bumisita sa nyc.gov/dca.

Libreng Paghahanda ng Buwis

Maaaring kwalipikado ka sa mga serbisyonang Libreng Paghahanda ng Buwis ng NYC (NYC Free Tax Prep), kung saan kabilang ang online na pagsumite at personal na pagsumite kasama ang isang boluntaryong tagahanda ng VITA/TCE na sertipikado ng IRS. Tumawag sa 311 o bumisita sa nyc.gov/taxprep para sa karagdagang impormasyon.

Mga Programa sa Edukasyon at Pagsasanay

Nag-aalok ang Lungsod ng libreng tulong para sa mga naghahanap ng trabaho. Bumisita sa nyc.gov/workforce1 o tumawag sa 311 at magtanong kung saan makahahap ng Sentro ng Trabaho ng Workforce1 (Workforce1 Career Center).

Nagmamalasakit ang NYC sa mga Manggagawa ng Pangangalaga

Buod ng mga Karapatan at Mapagkukunan ng Impormasyon

Tagalog | Tagalog

NYC
Office of the Mayor

**Consumer
Affairs**
Lorelei Salas
Commissioner